

Anong mga uri ng kaso ng sitasyon ang nililitis ng Hearing Examiner?

Mga sitasyon na ibinigay para sa mga paglabag ng Land Use Code (Kodigo sa Paggamit ng Lupa), at Weed and Vegetation Code (Kodigo sa Panirang-damo at Pananim; inisyu ng Department of Planning and Development/DPD (Departamento ng Pagpapalano at Pagpapaunlad)); mga sitasyon na ibinigay para sa iba't ibang paglabag sa paggamit ng kalsada (inisyu ng Seattle Department of Transportation/SDOT (Departamento ng Transportasyon ng Seattle)); at mga sitasyon na ibinigay para sa mga paglabag sa paggamit ng enerhiya sa gusali (inisyu ng Office of Sustainability and Environment (Tanggapan ng Sustainability at Kapaligiran)).



Ang Lungsod ng Seattle ay hindi nandiskrima batay sa lahi, etnisidad, kasarian, katayuan ng kasal, oryentasyong seksuwal, pampolitikal na ideolohiya, edad, paniniwala, relihiyon, pinagmulang angkan, bansang pinagmulan, o sa pagkakaroon ng alinmang kapansanan sa pandama, pag-iisip o pisikal na kabansanan.

Lokasyon ng Pagdinig

Ginaganap ang karamihan ng mga pagdinig sa isa sa mga silid sa pagdinig sa Office of the Hearing Examiner (Tanggapan ng Tagasuri ng Pagdinig) sa ika-40 palapag ng Seattle Municipal Tower, 700 5th Avenue, sa pagitan ng Cherry Street at Columbia Street sa downtown Seattle. Kung kailangan mo ng impormasyon sa pagpaparada, mangyaring tingnan ang *Public Guide to Appeals and Hearings Before the Hearing Examiner (Pampublikong Gabay sa Mga Apela at Pagdinig sa Harap ng Tagasuri ng Pagdinig)* sa website ng Examiner, o tumawag sa Office.



City of Seattle Hearing Examiner

700 5th Avenue
Seattle, WA 98104
Sulat: P.O. Box 94729
Seattle, WA 98124-4729
Telepono (206) 684-0521
Fax (206) 684-0536

www.seattle.gov/examiner

MGA ORAS NG TANGGAPAN

LUNES-BIYERNES

8:00 AM – 5:00 PM



City of Seattle



Office of Hearing Examiner

Ito ay isang impormal na gabay sa **MGA PAGDINIG NG SITASYON** sa harap ng Hearing Examiner sa Seattle

Mayroong higit na kumpletong impormasyon sa Mga Kabanata 23.91 (Land Use Code Violations (Mga Paglabag sa Paggamit ng Lupa)); 10.52 (Weed and Vegetation Code Violations (Mga Paglabag sa Kodigo sa Panirang-damo at Pananim)); 22.920 (Energy Benchmarking (Pagsusukat ng Enerhiya)); at 15.91 (Street Use Violations (Mga Paglabag sa Paggamit ng Kalsada)) ng Seattle Municipal Code (Kodigo ng Munisipyo ng Seattle). Ang mga kabanata ng Kodigo na ito ay matatagpuan sa website ng Lungsod sa <http://clerk.seattle.gov>.

Kailan at Paano Maghain ng Apela



Kailan: Dapat na matanggap ng Office of Hearing Examiner ang mga apela bago sumapit ang 5 p.m. sa huling araw ng panahon ng pag-apela. Hindi sapat ang tatak ng koreo sa huling araw. Maaaring maantala nang ilang araw ang paghahatid ng mga apelang inihain gamit ang anumang paraan ng serbisyo sa pagpapadala ng USPS. Magbigay ng karagdagang panahon kung nagpapadala ng apela. Dapat na matanggap ng Office of Hearing Examiner ang tugon sa isang sitasyon nang hindi lalampas sa 15 araw pagkatapos ng petsa kung kailan ibinigay ang sitasyon. Kung ang huling araw ng panahon ng pag-apela ay Sabado, Linggo, o pista opisyal na pederal, o pang-Lungsod, papahabain ang panahon hanggang sa 5:00 p.m. ng susunod na araw ng negosyo.

Paano: Ang form para sa pag-apela ng sitasyon ay kasama sa sitasyon, karaniwang nasa likod. (Kung ang alinman sa impormasyon sa sitasyon ay naiiba sa impormasyon sa pamplet na ito, nangingibabaw ang impormasyon sa sitasyon.) Maaari mo ring ihain ang iyong apela sa elektronikong paraan, gamit ang website ng Office of Hearing Examiner sa: www.seattle.gov/examiner/efile.htm.

Maaaring humiling ang isang tao ng **pagdinig para sa pagpapagaan (mitigation hearing)** upang ipaliwanag ang mga kalagayan noong mangyari ang paglabag. Ang taong humihiling ng pagdinig para sa pagpapagaan ay sumasang-ayon na may nangyaring paglabag, ngunit naniniwala na mayroong mga kalagayan noong mangyari ang paglabag na nagbibigay katwiran sa pagbabawas ng parusa. PAALALA: Para sa mga sitasyon sa Land Use Code, hindi maaaring bawasan ng Hearing Examiner ang parusa maliban na lamang kung nabigyang-pansin na ang ari-arian ay sumusunod sa Code bago ang petsa para sa pagpapagaan.

Petsa ng Pagdinig



Kapag naghain ng apela, nagtatalaga ng petsa ng pagdinig, at ipinapadala ang nakasulat na abiso ng petsa, oras, at lugar ng pagdinig sa bawat partido ng apela (ang nag-aapela at Departamento)

Ang Pagdinig



Lokasyon: Ginaganap ang karamihan ng mga pagdinig sa isa sa mga silid sa pagdinig sa Office of the Hearing Examiner sa ika-40 palapag ng Seattle Municipal Tower, 700 5th Avenue, sa pagitan ng Cherry Street at Columbia Street sa downtown Seattle. Kung kailangan mo ng impormasyon sa pagpaparada, mangyaring tingnan ang *Public Guide* sa website ng Hearing Examiner, o tumawag sa Office sa numerong nakalista sa pamplet na ito.

Pamamaraan: Mahalagang nasa oras para sa isang pagdinig, at na tumawag kung hindi mo inaasahang madetini ka. Ang hindi pagtawag ay maaaring magresulta sa pagpapawalang-saysay ng iyong apela. Sa mga pagdinig para sa pagtutol, ipinepresenta muna ng Departamento ang kaso nito, na nagpapaliwanag kung bakit ibinigay ang sitasyon at kung paano ito sumusunod sa mga inaatas ng Code para sa mga sitasyon. Pagkatapos ay ipepresenta ng nag-aapela ang kanyang kaso, na nagpapaliwanag kung bakit ayon sa batas ay hindi naganap ang paglabag, o kung bakit hindi responsable ang taong binigyan ng sitasyon para sa paglabag. Tetestigo ang bawat saksi, sa ilalim ng panunumpa, at maaaring magtanong ang kabilang partido sa saksi tungkol sa mga paksang saklaw sa testimonya ng saksi. Maaaring gumamit ang bawat partido ng eksibit, tulad ng mga larawan, diagram, atbp., bilang ebidensiya, ngunit dapat mabigyan ng kopya ng bawat eksibit ang Hearing Examiner at ang kabilang partido. Pagkatapos maipresenta ang lahat ng mga ebidensiya, maaaring ibuod ng bawat partido ang mga argumento nito.

Mas hindi pormal ang mga pamamaraan sa mga pagdinig para sa pagpapagaan, at magtatanong ang Examiner sa parehong nag-aapela at sa departamento upang tukuyin kung dapat bawasan ang parusa para sa paglabag.

Kailangan Mo Ba Ng Abogado?



Hindi kailangang mayroong abogado, at hindi kailangan na ikaw ay isang abogado para kumatawan sa iyong sarili o sa iba sa isang paglilitis sa harap ng Hearing Examiner. Kinakatawan ang ibang tao at mga organisasyon ng mga abogado sa mga pagdinig para sa apela, ngunit maraming mamamayan at mga ahensiya ng Lungsod ang kumakatawan sa kanilang mga sarili. Para gawing mas madali ang proseso para sa mga hindi abogado, maaaring ipaliwanag ng mga tagasuri ang iba't ibang aspekto ng pagdinig sa kanilang pambungad na pananalita at hikayatin ang pagtatanong tungkol sa pamamaraan, ngunit hindi maaaring magbigay ng paggabay ukol sa batas sa sinumang partido. Sa labas ng pagdinig, kung mayroon kang tanong tungkol sa proseso, maaari mong tanungin ang tauhan sa Office of Hearing Examiner, subalit hindi ka nila maaaring payuhan sa mga makabuluhang paksa, tulad ng pag-oorganisa ng iyong presentasyon o pagpili ng mga saksi, at hindi maaaring magbigay ng legal na payo.

Ang Desisyon ng Hearing Examiner



Susuriin ng Hearing Examiner ang ebidensiyang ipinesenta ayon sa kung ano ang inaatas ng batas at mag-iisyu ng desisyon sa apela. Para sa mga kaso sa pagpapagaan, karaniwang iniisyu ang desisyon sa katapusan ng pagdinig. Para sa mga kaso ng pagtutol, mag-iisyu ang Examiner ng nakasulat na desisyon pagkatapos isara ang kaso, na karaniwang kabilangan ng "Nalamang Katotohanan," "Mga Konklusyon," at "Desisyon" sa kaso. Maaaring iapela ang desisyon ng Hearing Examiner sa korte.